

PAHINA NG PAYO

Pagkakasunod-sunod sa Paghuhugas ng Aking Kamay

Maraming mga bata ang kailangan ang tulong sa pagkatuto sa bagong mga kasanayan. Ang isa-isahin ang mga hakbang na ito sa mga bata ay makatutulong sa kanila na matutunan ito. Ang bilang ng hakbang sa ksaanayan o gawain ay hinahati depende sa pangangailangan ng iyong anak.


Maaaring gusto mong bigyan ang iyong anak ng visual na pagkakasunod-sunod. Ito ay mga serye ng mga litrato na nagpapakita ng mga hakbang na kailangan para makumpleto ang mga gawain. Maaari kang gumamit ng mga tunay na litrato, mga guhit na linya, o litrato ng mga simbolo. Kapag gagamit ng visual na pagkakasunod-sunod, ilagay ito na kapantay ng mata ng iyong anak, ituro ang litrato, at basahin ng malakas bago tapusin ang aksyon.

Maari ka ring gumamit ng mga litrato para makagawa ka ng laro ng pagkakasunod sunod. Maglimbag ka lang ng mga litrato, gupitin ito, at

hayaan ang iyong anak na magsanay na ilagay ito ayon sa pagkakasunod sunod. Maaari ka ring gumawa ng laro ng pagpaparehas sa pamamagitan ng paggawa ng dalawang kopya ng pagkakasunod-sunod. Idikit ang isang kopya sa piraso ng papel na nasa tama ang pagkakasunod-sunod at hayaan ang iyong anak na ipareha ang mga kard.

Turuan ang inyong anak na hugasan ang mga kamay pagkatapos gumamit ng banyo, bago at pagkatapos kumain, at pagkatapos ng maruming gawain. Ang banyo sa sa eskwelahan o pangalagaan ng mga bata ay iba sa ginagamit niya sa bahay. Maari mong ipakita sa kanya kung paano gumamit ng soap dispenser at hand dryer. Kung ang banyo sa eskwelahan ng iyong anak ay gumagamit ng tuwalyang papel, ipaalala sa kanya na ilagay ito sa basurahan pagkatapos nyiang patuyuin ang kanyang mga kamay.

Narito ang halimbawa ng pagkakasunod-sunod sa 'paghuhugas ng kamay' na magagamit sa bahay:



kumuha ng sabon



hugasan ang mga kamay



isara



patuyuin ang mga kamay

